# PAKIKINIG

2
ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Panimula
- Relay ng Mensahe
- Makinig!
- Pagbabalik sa Relay ng Mensahe
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante

## MGA LAYUNIN

Malaman ng mga estudyante na ang magagandang kasanayan sa pakikinig ay mahalaga sa kanilang tagumpay.

Matukoy ng mga estudyante ang mga paraan para mapahusay ang kanilang mga kasanayan sa pakikinig.

Makapagsanay at matasa ang pagiging epektibo ng mga aktibong kasanayan sa pakikinig.

# Panimula

3 Minuto

Simulan ang araling ito sa pamamagitan ng pagpepresenta sa klase ng sumusunod na palaisipan:

> Isang lalaki at batang lalaki ay naaksidente sa kotse. Sila ay dinala sa ospital kung saan ang lalaki ay ini-admit sa intensive care unit. Habang dinadala ang kaniyang anak sa operating room, pumasok ang surgeon at sinabing, "Hindi ko kayang operahan ang batang lalaking ito. Ito ang anak kong lalaki!" Paano nangyari ito?

Sabihin sa mga estudyante na tatalakayin niyo ang palaisipan sa pagtatapos ng klase para may buong panahon ang mga estudyante na pag-isipan ito. Sabihin na, "Maaaring narinig niyo ang sinabi ko sa inyo nan sinabi ko ang palaisipan, pero ang pakikinig nang mabuti ay kapwa pagdinig at pag-unawa. Ngayong araw, malalaman niyo ano ang kailangan para makinig nang mabuti."

# Bahagi I: Relay ng Mensahe

15 Minuto

Layunin: Kilalanin ng mga estudyante na ang pakikinig ay higit pa sa pagdinig lang, at ang mabubuting kakayahan sa pakikinig ay mahalaga.

**1. Maghanda ang mga estudyante para sa aktibidad.**

Hatiin ang klase sa mga grupo na may tig-anim na miyembro. Pumili ng isang boluntaryo mula sa bawat grupo para samahan ka sa harap ng klase.

Ipaliwanag sa lahat na bibigyan mo ang mga boluntaryo ng mensahe. Pagkatapos ay babalik sila sa kanilang mga grupo at ibubulong ang mensahe sa ibang estudyante. Ang estudyante namang ito ay ibubulong sa isa pang estudyante at sa susunod pa, hanggang narinig na ng lahat sa grupo ang mensahe. Payuhan ang mga estudyante na makinig nang mabuti at ulitin ito sa parehong paraang narinig nila ito.

**2. Makinig ang mga mag-aaral sa isang mensahe at ipapasa ito sa iba.**

Tahimik na ibigay sa mga boluntaryo ang sumusunod na mensahe:

> Kapag makita mo si Missy, sabihin mo sa kaniya na daanan ang dalawang poodle at isang cocker spaniel tulad ng ginagawa niya kapag uwian mula sa paaralan. Ngunit ngayong araw, dapat daanan din niya ang isang shepherd na nagngangalang Sam, apat na terrier na pinangalanan lahat na Joanne, at isang Great Dane na ang pangalan ay Tiny.

Tagubilinan ang mga estudyante na bumalik sa kanilang grupo para ipasa ang mensahe. Ipaalala sa kanila na ibulong ang mensahe sa isa lang na estudyante sa kanilang grupo.

**3. Suriin ng mga estudyante ang resulta.**

Kapag tapos na ang mga mag-aaral, tanungin ang huling estudyante sa grupo na ulitin ang mensahe para sa klase. Pagkatapos magbahagi ang lahat ng estudyante, tanungin ang klase ilang aso ang dapat daanan ni Missy kapag uuwi mula sa paaralan. (Siyam na aso ang dapat daanan ni Missy.)

Pagkatapos ng ilang debate, basahing muli ang mensahe sa klase at ulitin ang tanong. Imbitahan ang mga estudyante na gumawa ng obserbasyon kung paano tagumpay na naipasa ang mensahe. Hikayatin silang ipaliwanag bakit mahirap na makuha kaagad ang mga detalye ng mensahe.

Tapusin ang aktibidad sa pamamagitan ng obserbasyon na may higit pa sa pakikinig kaysa makarinig lang. Sabihin na, "Kailangan sa aktibong pakikinig na bigyan ng atensyon ang sinasabi, unawain ito, at pagkatapos ay tandaan ito."

# Bahagi II: Makinig! 10 minuto

Layunin: Matukoy ng mga mag-aaral ang mga paraan para mapahusay ang kanilang mga kasanayan sa pakikinig.

**1. Makilala ng mga estudyante ang kahalagahan ng aktibong pakikinig.**

Ipunto na kailangan ng hindi bababa sa dalawang tao para maganap ang komunikasyon. Isang tao ang magpapadala ng mensahe at isang tao ang tatanggap nito. Isulat sa pisara ang sumusunod na equation: “tagapagsalita + tagapakinig = komunikasyon.”

Mag-ibita ng isang boluntaryo para tulungan kang ipakita ano ang mangyayari kapag nawawala ang isa sa mga elemento ng equation. Hilingin sa boluntaryo na bigyan ka ng direksyon sa isang malapit na lugar (hal., kanilang bahay, restawran, o isang tindahan). Habang nagsasalita ang estudyante, tumingin-tingin sa buong kuwarto, tumingin sa mata ng ibang estudyante, o kumuha ng isang bagay sa mesa mo, yumuko para itali ang sintas ng sapatos mo, at iba pa. Pagkatapos magsalita ng boluntaryo, itanong:

- Sa tingin mo ba ay narinig ko ang sinabi mo? Bakit o bakit hindi?
- Sa tingin mo ba ay naunawaan ko ang sinabi mo? Bakit o bakit hindi?
- Kung kailangan kong sundin ang ibinigay mong direksyon, sa tingin mo ba ay makakapunta ako doon?

Burahin ang salitang "tagapakinig" mula sa equation sa pisara. Pagkatapos ay tanungin kung dapat mo ring burahin ang salitang "komunikasyon." Hilingin sa mga estudyante na magbigay ng dahilan sa kanilang mga sagot.

**2. Matutunan ng mga estudyante ang mga paraan para mapahusay ang kanilang mga kasanayan sa pakikinig.**

Sabihin sa mga estudyante na may tatlong simpleng bagay na maaari nilang gawin para maging mas mahusay na tagapagkinig at mapahusay ang kanilang mga kasanayan sa komunikasyon: magtuon, kumpirmahin, at tumugon. Isulat ang bawat isa sa tatlong salitang ito sa pisara habang mabilisang inilalarawan ang mga ito:

- Ituon ang iyong atensyon sa tagapagsalita. Ipaalam sa tao na ikaw ay nakikinig. Paano mo ito gagawin? (Pwede mo itong gawin sa hindi berbal na paraan sa pamamagitan ng pagtango at pagtingin sa mata. Pwede mo rin ipakita na ikaw ay nakatuon sa pamamagitan ng hindi paggawa ng ibang bagay habang nagsasalita ang isang tao at hindi sumasabad sa kanila.)
- Kumpirmahin kung ano ang naririnig mo. Maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng pag-ulit ng mga bahagi ng sinabi o pagbubuod ng sinabi ng nagsasalita. Maaari mo ring tahimik na ulitin at gumawa ng buod sa sarili mo.
- Tumugon sa ilang paraan sa tagapagsalita para ipakita na narinig at naunawaan mo ang kaniyang sinabi. Maaari kang magtanong, gumawa ng komento, o magpatuloy sa pakikipag-usap.

Ulitin na ang pagiging mabuting tagapagkinig ay isang mahalagang salik sa komunikasyon. Isulat muli at salungguhitan ang iyong equation sa pisara.

# Bahagi III: Pagbabalik sa Relay ng Mensahe

15 Minuto

Layunin: Upang magamit at masuri ang pagiging epektibo ng mga kasanayan sa aktibong pakikinig, uulitin ng mga estudyante ang pambungad na aktibidad.

**1. Makinig ang mga estudyante sa isang maikling kuwento at ipapasa ito.**

Sabihin sa mga estudyante na uulitin nila ang aktibidad na ginawa nila sa umpisa ng klase. Hamunin silang gamitin ang mga kasanayan sa aktibong pakikinig habang sila ay nakikinig sa isang maikling kuwento at ipinapasa ito sa iba.

Kung kinakailangan, balikan ang inilarawang proseso para sa aktibidad sa Bahagi I. Pagkatapos ay hatiin ang klase sa mga grupo na may tig-anim na miyembro. at pumili ng isang miyembro sa bawat grupo para samahan ka sa harap ng silid. Tahimik na ibahagi ang impormasyong ito sa mga estudyante na kasama mo sa harap ng silid.

> May 15 pasahero sa isang bus na papunta sa downtown. Sa unang paghinto, apat na tao ang bumaba—dalawang babae at isang lalaki na may dalang sanggol. Sa susunod na paghinto, apat na bata ang bumaba ng bus at dalawang lalaki ang sumakay. Lahat ay magkakasamang bumiyahe hanggang sa dulo.

Tagubilinan ang mga estudyante na bumalik sa kani-kanilang grupo at ipasa ang mensahe. Ipaalala sa kanila na ibulong ang mensahe sa isang estudyante lang, na sasabihin naman sa isa pang estudaynte, at sa susunod pa. Hikayatin ang mga mag-aaral na magtuon, kumpirmahin, at tumugon para aktibong makinig sa mensahe.

**2. Suriin ng mga estudyante ang resulta.**

Tanungin ang huling estudyante sa bawat grupo na ulitin ang impormasyon para marinig ng lahat. Pagkatapos, hamunin ang klase na sagutin ang mga katanungang ito:

- Saan papunta ang bus? (Papuntang Downtown)
- Ilang pasahero ang nasa loob ng bus sa simula ng biyahe? (15) Sa katapusan ng biyahe? (9)
- Sa tingin mo ba ay naging mas mahusay kayo sa pagpapasa ng impormasyon sa pagkakataong ito? Bakit o bakit hindi?
- Nang sinasabi ninyo ang kuwento, mas nagbigay ba ng atensyon ang mga tagapakinig? Ipaliwanag.
- Nang sinasabi mo ang kuwento, kinumpirma ba nila ang impormasyon o tumugon sa sinabi mo? Kung gayon, paano?
- Mas madali bang tandaan ang mga detalye sa pagkakataong ito?

**3. Balikan ng mga estudyante ang palaisipan sa simula ng klase.**

Humiling ng mga boluntaryo na ulitin ang palaisipan na binanggit mo sa simula ng klase. Kung kinakailangan, basahing muli ang palaisipan mula sa panimula. Hikayatin ang mga estudyante na magbigay ng mga solusyon. (Ang sagot sa palaisipan ay ang surgeon ang nanay ng bata.)

Sabihin ang obserbasyon na mahirap ang palaisipan dahil ito ay nakabatay sa isang stereotype. Tanungin ang klase kung may nakakatukoy ba sa stereotype. (Lahat ng surgeon ay lalaki.) Ipunto na ang stereotype ay lalong naitampok sa paggamit lamang ng mga pangngalan at panghalip sa palaisipan, na maaaring magdulot sa atin na isipin na ang surgeon ay isang lalaki rin. Sabihin na, "Dagdag pa sa pakikinig nang mabuti, mahalaga rin na isipin kung ano ang naririnig mo!"

# Konklusyon

2 Minuto

Tanungin sa mga estudyante na ipaliwanag ang mga benepisyo ng pagkakaroon ng mabubuting kasanayan sa pakikinig. Hikayatin ang mga estudyante na paghusayin ang kanilang mga kasanayan sa pakikinig sa natitirang bahagi ng araw para makita kung nakatutulong ito sa kanila na makipag-usap nang mas mahusay. Hilingin sa mga estudyante na ipaliwanag kung iniisip ba nilang magiging madali o mahirap ang pagbubuo ng mabubuting kasanayan sa pakikinig. Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- Ang pagiging aktibong tagapakinig ay susi sa mabuting komunikasyon.
- Para aktibong makinig, ituon ang iyong atensyon sa nagsasalita, kumpirmahin ang narinig mo, at tumugon kung ano ang sinabi.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Ano ang pagkakaiba ng pakikinig sa pagdinig?
2. Maglista ng tatlong benepisyo ng pagiging mabuting tagapakinig at tatlong kahihinatnan ng pagiging hindi mabuting tagapakinig.
3. Maglista ng tatlong bagay na puwede mong gawin para maging aktibong tagapakinig.

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGGAMIT NG MGA SIPI

"Hindi makakalayo nang magkasama ang dalawang taong mahusay magsalita."

Tagubilinan ang mga estudyante na gumuhit ng cartoon para ilarawan ang katotohanan ng kasabihang ito.

## PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Tagubilinan ang mga estudyante na bumilang para maigrupo-grupo sa tatlong grupo. Lahat ng bilang isa ay ang "mga estatwa," ang bilang dalawa ay ang "mga artista," at ang bilang tatlo ang "mga clay." Tagubilinan ang mga "estatwa" na mag-pose. Dapat ilarawan ng "mga artista" ang kanilang pose sa kanilang "luwad," na dapat gagayahin ang pose. Hindi maaaring tumingin ang mga artista sa clay hangga't hindi pa tapos ang aktibidad. Maaaring magtanong ang clay sa artista pero hindi maaaring tumingin sa mga estatwa. Ipakita ang papel ng artista bago magsimula. Talakayin kung ano ang gumana, ano ang hindi gumana, at bakit.

## PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Pasulatin ang mga estudyante ng isang personal na karanasan kung saan naging magulo ang komunikasyon dahil sa di-mabuting pakikinig.

Tagubilinan ang mga boluntaryo na ibahagi ang kanilang karanasan, nang inaalis ang mga detalyeng nakakatukoy ng pagkakakilanlan. Pagtalakayan ang mga paraan para mapahusay ang komunikasyon sa mga sitwasyong ito.

# PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Ipakita sa mga estudyante ang dibuho ng popular na Abbott at Costelo na "Who's On First?"

Tagubilinan ang mga estudyante kung paano ipinapakita ang di-mabubuting kasanayan sa pakikinig sa dibuhong ito.

# TAKDANG-ARALIN

Tagubilinan ang mga estudyante na magdala ng artikulo ng balita, tula, o iba pang maiksing akda.

Ipabasa sa mga estudyante ang akda sa isang ka-partner, na magbubuod nito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga importanteng detalye.

# MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Hilingin sa isang doktor, beterinaryo, o tindero (o sinumang may trabaho na mahalaga ang komunikasyon) na bumisita sa klase at ipaliwanag kung paano naging mahalaga ang aktibong pakikinig sa kanilang trabaho.

Magtapos sa pamamagitan ng pagtulong sa mga estudyante na ibuod ang kanilang narinig at bumuo ng mga karagdagang katanungan.